



Pagsusuri at paggamot sa COVID-19

Kahit na wala kang visa, o hindi sigurado tungkol sa katayuan ng iyong visa, dapat mong sundin ang mga tagubilin sa pampublikong kalusugan. Kung masama ang iyong pakiramdam, humingi ng medikal na atensyon at magpasuri para sa COVID-19.

Nag-aalok ang mga gobyerno ng estado at teritoryo ng libreng pagpapasuri at paggamot sa COVID-19.

- [Australian Capital Territory](#)
- [New South Wales](#)
- [Northern Territory](#)
- [Queensland](#)
- [South Australia](#)
- [Tasmania](#)
- [Victoria](#)
- [Western Australia](#)

Mga pagsusuring medikal ng imigrasyon sa Victoria

Dahil sa mga karagdagang paghihigpit dulot ng COVID-19, pansamantalang itinigil ang lahat ng Pagsusuring Medikal ng Imigrasyon sa Victoria. Susuriin ito alinsunod sa mga karagdagang anunsyo ng [pampublikong kalusugan](#).

Mayroong akong Working Holiday Maker visa

Hindi maaaring bigyan ng palugit ang mga Working Holiday Maker (WHM) visa. Gayunpaman, kung nakakumpleto ka ng tatlo o anim na buwan ng 'tiyak na trabaho' sa Australia, maaari kang mag-apply ng ikalawa o ikatlong WHM visa.

Tingnan ang [mga kondisyon sa tiyak na trabaho](#) para sa higit pang impormasyon.

Puwede na ngayong bilangin ng mga Working Holiday Maker (WHMs) ang mahalagang trabaho kaugnay ng COVID-19 sa mga sektor ng pangangalagang pangkalusugan at medikal na isinagawa saan man sa Australia pagkatapos ng Enero 31, 2020 bilang 'tiyak na trabaho' para mag-apply ng ika-2 o ika-3 WHM visa. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang [mga pinakabagong balita](#).

Kung hindi ka karapat-dapat para sa ikalawa o ikatlong WHM visa at hindi ka nagtatrabaho sa isang mahalagang sektor kaugnay ng COVID-19, dapat kang mag-apply ng isa pang visa. Papayagan ka nitong manatiling legal hanggang makauwi ka sa iyong bansang pinanggalingan. mamahalagang sektor kaugnay ng COVID-19 ang agrikultura,

pagpoproseso ng pagkain pangangalagang pangkalusugan at medikal, pangangalaga ng matatanda at may kapansanan at pangangalaga ng bata.

Depende sa iyong sitwasyon, maaaring karapat-dapat ka para sa [Visitor visa \(subclass 600\)](#).

Para mapagkalooban ng bagong visa, kailangan mong matugunan ang lahat ng kinakailangan para sa visa na iyon, kabilang na ang anumang limitasyon sa edad, wikang Ingles, mga kinakailangan sa kalusugan at pag-uugali.

Nag-apply ng ikalawa o ikatlong WHM visa

Maaaring karapat-dapat ka para sa ikalawa o ikatlong Working Holiday (subclass 417) visa o Work and Holiday (subclass 462) visa. Alamin kung karapat-dapat ka at kung paano mag-apply sa website ng Departamento:

- [Ikalawang Working Holiday \(subclass 417\) visa](#)
- [Ikatlong Working Holiday \(subclass 417\) visa](#)
- [Ikalawang Work and Holiday \(subclass 462\) visa](#)
- [Ikatlong Work and Holiday \(subclass 462\) visa](#)

Kailangan mong mag-apply ng bagong visa bago mag-expire ang iyong kasalukuyang visa. Maaari kang mabigyan ng bridging visa na papayagan kang manatiling legal sa Australia hanggang mapakapagdesisyon sa iyong aplikasyon ng visa.

Kondisyon ng visa 8547 — anim na buwang limitasyon sa pagtatrabaho sa isang employer

Puwedeng kumuha ng anumang uri ng trabaho ang mga working holiday maker sa panahon ng kanilang pamamalagi sa Australia, ngunit karaniwan itong limitado sa [anim na buwang pagtatrabaho sa isang employer](#), maliban kung magbigay ng pahintulot ang Departamento para magtatrabaho nang mas matagal sa anim na buwan sa parehong employer.

May pahintulot mula sa Departamento ang mga working holiday maker na nagtatrabaho sa mahalalagang sektor, kabilang ang agrikultura, pagpoproseso ng pagkain, pangangalagang pangkalusugan at medikal, pangangalaga ng matatanda, pangangalaga ng may kapansanan at pangangalaga ng bata para magtatrabaho sa parehong employer nang mas matagal kaysa anim na buwan.

Nagtatrabaho ako sa isang mahalalagang sektor

Puwede na ngayong bilangin ng mga Working Holiday Maker (WHMs) ang mahalalagang trabaho kaugnay ng COVID-19 sa mga sektor ng pangangalagang pangkalusugan at medikal na isinagawa saan man sa Australia pagkatapos ng Enero 31, 2020 bilang 'tiyak na trabaho' para mag-apply ng ika-2 o ika-3 WHM visa. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang [mga pinakabagong balita](#).

Puwedeng mag-apply ang mga working holiday maker na nagtatrabaho sa mahahalagang sektor na ito na hindi karapat-dapat para sa ikalawa o ikatlong WHM visa, at hindi makauwi sa kanilang bansang pinanggalingan ng [Temporary Activity Visa \(subclass 408\) Australian Government Endorsed Agreement Event stream \(COVID-19 Pandemic event visa\)](#). Walang singilin sa aplikasyon ng visa.

Papayagan ka ng visa na ito na manatiling legal sa Australia at magpatuloy na magtatrabaho, hanggang sa puwede ka nang umuwi sa iyong bansang pinanggalingan.

Tingnan ang [mga kondisyon sa tiyak na trabaho](#) para sa higit pang impormasyon.

Mga may-ari ng visa na nakararanas ng pinansyal na paghihirap

Kung hindi mo kayang suportahan ang sarili mo, dapat kang mag-ayos ng pag-uwi sa bansa ninyo.

Kung hindi mo matugunan ang iyong mga kagyat na gastusin sa pamumuhay, maaari kang maka-access ng hanggang \$10,000 ng iyong Australian superannuation nang walang buwis sa taong piskal 2019-20.

Sumangguni sa [webpage tungkol sa maagang pag-access sa superannuation ng Australian Taxation Office](#)

COVID-19 Pandemic event visa

Kung mag-e-expire na ang iyong WHM visa, hindi ka nagtatrabaho sa isang mahalagang sektor, hindi ka nakauwi dahil sa mga paghihigpit sa pagpasok at hindi mo matugunan ang mga kinakailangan sa isa pang visa, maaari ka pa ring maging karapat-dapat para sa COVID-19 Pandemic event visa. Kakailanganin mong ipakita kung bakit hindi ka makatugon sa mga kinakailangan ng isa pang visa. Puwedeng kabilang dito ang isang pahayag o katunayan na wala kang access sa sapat na pondo para makapagbayad ng karagdagang singilin sa aplikasyon ng visa (visa application charge, VAC).